

Gabay sa Pag-apply ng mga Walang Dokumentong Manggagawa para sa Seguro sa Kapansanan at May Bayad na Bakasyon para sa Pamilya

Nagbibigay ang gabay na ito ng mga hakbang-hakbang na tagubilin para sa mga hindi dokumentado na manggagawa para makapag-apply para sa mga benepisyo sa California ng Seguro ng Kapansanan (Disability Insurance, DI) at May Bayad na Bakasyon para sa Pamilya (Paid Family Leave, PFL). Ang mga karapat-dapat na manggagawa ay maaaring mag-apply sa Kagawaran ng Pag-unlad ng Trabaho (Employment Development Department, EDD) para sa mga benepisyo ng DI at PFL, na nagbibigay ng bahagyang bayad kapag ang isang manggagawa ay lumiban sa trabaho para sa kanilang sariling kapansanan o upang pangalagaan ang isang miyembro ng pamilya. Magagamit ang mga benepisyong ito anuman ang katayuan sa imigrasyon. Dahil ang mga aplikasyon sa DI at PFL ay humihiling ng numero ng Social Security (SSN), nagbibigay ang gabay na ito ng mga inirerekumendang hakbang na maaaring sundin ng mga hindi dokumentadong manggagawa upang makapag-apply para sa mga benepisyo nang hindi nanunumpa na mayroon silang SSN.

I. Tungkol sa Seguro sa Kapansanan at May Bayad na Bakasyon para sa Pamilya	2
a. Sa anong mga kadahilanan na maaari akong makatanggap ng mga benepisyo ng DI at PFL?	
b. Kailangan ko bang magbigay ng numero ng Social Security para makapag-apply?	
c. Paano ko malalaman kung nakapagbayad ako sa Pondo ng DI?	
d. Nagbabayad ba ang aking employer para sa DI at PFL?	
e. Kailangan ko bang magbayad ng mga buwis kung tumatanggap ako ng mga benepisyo ng DI o PFL?	
II. UNANG HAKBANG: Humiling ng Papel na Aplikasyon	3
a. Kailan ako mag-apply?	
b. Paano ako mag-apply?	
c. Bakit dapat gumamit ng papel na aplikasyon ang mga hindi dokumentadong manggagawa?	
d. Anong mga form ang kakailanganin ko?	
e. Paano ako makakakuha ng papel na aplikasyon?	
III. IKALAWANG HAKBANG: Kumpletuhin at Isumite ang Aplikasyon at Maglakip ng Patunay ng mga Sahod	4
a. Anong impormasyon ang kakailanganin kong ibigay?	
b. Saan ako hinihiling na ipasok ang aking SSN?	
c. Ano ang gagawin ko kapag hiniling na ipasok ko ang aking SSN?	
d. Ano ang gagawin ko kapag tinanong ako tungkol sa ibang mga SSN na maaaring ginamit ko?	
e. Ano ang gagawin ko kapag tinanong ako kung nagtrabaho ba ako sa ilalim ng ibang pangalan?	
f. Mayroon bang kailangang punan at lagdaan sa form ng paghahabol?	
g. Paano ko isusumite ang aplikasyon?	
IV. IKATLONG HAKBANG: Magbigay ng Karagdagang Impormasyon sa EDD	5
a. Makikipag-ugnayan ba sa akin ang EDD pagkatapos kong isumite ang aking aplikasyon?	
b. Anong mangyayari kung makaligtaan ko ang tawag mula sa EDD?	
c. Makakatanggap ba ako ng anumang iba pang mga abiso mula sa EDD?	
d. Ano ang gagawin ko kung makatanggap ako ng Abiso ng Pagkalkula?	
V. IKAAPAT NA HAKBANG: Tanggapin ang Iyong mga Benepisyo	7
a. Gaano katagal ako maghihintay para matanggap ang aking mga benepisyo?	
b. Paano ko matatanggap ang bayad?	
VI. Siguraduhing Protektado ang Iyong Trabaho	7
VII. Template ng mga Sulat para sa mga Walang Dokumentong Manggagawa sa Pag-apply para sa DI at PFL	8

Seguro sa Kapansanan ng California at May Bayad na Bakasyon para sa Pamilya

Ang programa ng California na Seguro ng Estado sa Kapansanan (State Disability Insurance, SDI) ay nagbibigay ng panandaliang Seguro sa Kapansanan (Disability Insurance, DI) at May Bayad na Bakasyon para sa Pamilya (Paid Family Leave, PFL) na mga benepisyong kahalili ng sahod sa mga kwalipikadong manggagawa na nangangailangan ng pagliban sa trabaho. Kung **nagbayad ka sa Pondo ng DI ng California**, maaari kang maging kwalipikado na makatanggap ng mga panandaliang benepisyo sa DI at May Bayad na PFL na mga benepisyo. **DMagagamit ang mga benepisyo ng DI at PFL anuman ang katayuan sa imigrasyon.**

Gaano katagal ako makakakuha ng benepisyo na ito?

	DI	PFL
Gaano katagal ako makakakuha ng benepisyo na ito?	52 linggo	8 linggo sa loob ng 12 buwan na panahon
Para sa anong mga kadahilanan?	Sarili mong: <ul style="list-style-type: none">- Karamdaman o pinsala na hindi nauugnay sa lugar ng trabaho- Pagbubuntis- Panganganak	<ul style="list-style-type: none">- Upang pangalagaan ang isang miyembro ng pamilya na may malubhang karamdaman- Upang makapiling ang isang bagong panganak, inampon, o kinupkop na bata- Upang matugunan ang mga pangangailangan na dulot ng pagka-deploy ng militar na miyembro ng pamilya sa ibang bansa

Maaari kang mag-apply para sa mga benepisyo ng DI at PFL sa pamamagitan ng Departamento ng Pag-unlad ng Trabaho (Employment Development Department, EDD).

Kailangan ko bang magbigay ng numero ng Social Security upang makapag-apply?

Ang mga aplikasyon ng DI at PFL ay kasalukuyang humihiling ng SSN ng manggagawa upang matukoy ng EDD ang mga sahod mo at matukoy ang lingguhang halaga ng iyong benepisyo. Kinakailangan ka rin nilang pumirma at manumpa na ang lahat ng kasama sa aplikasyon ay totoo. **Nagbibigay ang gabay na ito ng mga hakbang na maaaring sundin ng mga hindi dokumentadong manggagawa upang makapag-apply para sa mga benepisyo nang hindi nanunumpa na mayroon silang SSN.**

- **Paano ko malalaman kung nakapagbayad ako sa pondo ng DI?** Suriin ang iyong paystub para sa mga kaltas na "CASDI" upang malaman kung nagbabayad ka sa pondo ng DI. Kung hindi mo alam kung nagbayad ka, o kung binayaran ka ng cash, maaari ka pa ring makatanggap ng mga benepisyo. [TINGNAN ANG HAKBANG 2.](#)
- **Nagbabayad ba ang aking employer para sa DI at PFL?** Hindi. Ang DI at PFL ay 100 porsyento na pinopondohan ng mga manggagawa. Hindi nagbabayad ang mga employer para sa mga benepisyong ito.

Kailangan ko bang magbayad ng mga buwis kung tumatanggap ako ng mga benepisyo ng DI o PFL?

DI <ul style="list-style-type: none">• Hindi mapapatawan ng buwis maliban kung direkta kang lumipat sa DI mula sa Napapailalim sa pederal pagtanggap ng Seguro sa Walang Trabaho.- Kung gagawin mo ito, ang iyong mga benepisyo sa DI ay papatawan ng buwis ng pederal at ang EDD ay magbibigay ng form ng buwis na 1099G.	Ngunit hindi ng mga buwis ng estado.	PFL
--	--------------------------------------	------------



Ang DI at PFL ay hindi isinasaalang-alang na mga benepisyo ng "pampublikong singil" at hindi makakaapekto sa landas ng pagiging mamamayan.

1



UNANG HAKBANG

Humiling ng Papel na Aplikasyon

- **Kailan mag-apply?**

Mag-apply para sa mga benepisyo sa loob ng 49 araw (DI) o 41 araw (PFL) mula sa unang araw na wala ka sa trabaho para sa kwalipikadong dahilan mo. Hindi ka maaaring mag-apply nang maaga. Maaari kang mag-apply sa ibang pagkakataon kung mayroon kang magandang dahilan para sa pagkaantala.

- **Paano ako mag-a-apply?**

Dapat kang magsumite ng aplikasyon upang makatanggap ng mga benepisyo ng DI o PFL. May dalawang pagpipilian:

1. Mag-apply online sa SDI sa edd.ca.gov/disability/sdi_online.htm ○
2. Magsumite ng papel na aplikasyon.

- **Bakit dapat gumamit ng papel na aplikasyon ang mga hindi dokumentadong manggagawa?**

- Kinakailangan ka na pumirma at manumpa na ang lahat ng kasama sa aplikasyon ay totoo.
- Sa mga online na aplikasyon, dapat mong sagutin ang tanong na humihiling para sa "iyong numero sa Social Security" upang makumpleto at maisumite ang aplikasyon. Hindi mo maaaring iwanang blangko ang katanungang ito.
- Ang mga manggagawang hindi dokumentado ay dapat gumamit ng papel na aplikasyon dahil maaari nilang iwanang blangko ang tanong na humihiling para sa "iyong numero sa Social Security." [TINGNAN ANG HAKBANG 2.](#)

- **Anong mga form ang kakailanganin ko?**

	DI	PFL
Ingles	Mga Benepisyo ng Seguro (DI) (DE 2501)	Mga Benepisyo sa Pagliban (PFL) (DE 2501F)
Espanyol	Solicitud para Beneficios del Seguro Incapacidad (DI) (DE2501/S)	Solicitud de Beneficios del Permiso Familiar Pagado (PFL) (DE2501F/S) (PDF)

- **How do I get a paper application?**

	DI	PFL
Umorder Online	Para sa mga tagubilin sa pag-order bisitahin ang, Mga Form at Publikasyon ng SDI edd.ca.gov/Disability/Forms and Publications.htm	
I-download at I-print	Hindi handang magamit	Ingles: HINDI handang i-download Espanyol: handang i-download sa edd.ca.gov/pdf_pub_ctr/de2501fs.pdf
Tumawag sa EDD	1-800-480-3287	1-877-238-4373
Tagapagbigay ng Pangangalaga sa Kalusugan	Tanungin ang iyong tagapagbigay ng pangangalaga sa kalusugan para sa kopya ng mga aplikasyon.	

2



IKALAWANG HAKBANG

Kumpletuhin at Isumite ang Aplikasyon at Maglakip ng Patunay ng mga Sahod

- Anong impormasyon ang kakailanganin kong ibigay?
 - Ang iyong impormasyong biograpiko (hal. pangalan, address, petsa ng kapanganakan, atbp.)
 - Impormasyon tungkol sa iyong employer (hal. pangalan ng employer, address, mga petsa ng trabaho, atbp.)
 - Nang tumigil ka sa pagtatrabaho.

• Kailan ako hihilinging ipasok ang aking Numero sa Social Security (SSN)?

- Hihilingin sa iyo ng **Tanong A1** sa mga aplikasyon ng DI at PFL na ipasok ang "iyong numero sa Social Security".

Paghahabol para sa mga Benepisyo sa DI (DE 2501), Tanong A1

Your disability claim can also be filed online at www.edd.ca.gov
PLEASE PRINT WITH BLACK INK.

PART A - CLAIMANT'S STATEMENT			
A1. YOUR SOCIAL SECURITY NUMBER 0 0 0 0 0 0 0 0 0 0	A2. IF YOU HAVE PREVIOUSLY BEEN ASSIGNED AN EDD CUSTOMER ACCOUNT NUMBER, ENTER THAT NUMBER HERE N o	A3. CALIFORNIA DRIVER LICENSE OR ID NUMBER Z 1 2 3 4 5 6 7	A4. GENDER MALE FEMALE X
A5. IF YOU EVER USED OTHER SOCIAL SECURITY NUMBERS, ENTER THOSE NUMBERS BELOW	A6. STATE GOVERNMENT EMPLOYEE (IF "YES" INDICATE BARGAINING UNIT#) YES X NO UNIT#	A7. YOUR DATE OF BIRTH 0 1 0 1 1 9 0 0	

Paghahabol para sa mga Benepisyo sa PFL (DE 2501F), Tanong A1



Claim for Paid Family Leave (PFL) Benefits

PART A - STATEMENT OF CLAIMANT (CARE, BONDING, or MILITARY ASSIST PROVIDER)		
A1. YOUR SOCIAL SECURITY NO. 0 0 0 0 0 0 0 0 0 0	A2. YOUR DATE OF BIRTH M M D D Y Y Y Y 0 1 0 1 1 9 0 0	A3. LANGUAGE YOU PREFER TO USE ENGLISH ESPAÑOL OTHER (PRINT BELOW) X

• Ano ang gagawin ko kapag hiniling na ipasok ko ang aking SSN?


- HINDI mo kailangang kumpletuhin ang bahaging ito ng aplikasyon. Dahil dapat mong pirmahan ang aplikasyon sa ilalim ng parusang perjury, dapat na iwanang blangko ang tanong na A1 ng mga manggagawang hindi dokumentado.
- Maglakip sa iyong aplikasyon ng hiwalay na liham na nagsasaad kung anong SSN ang ginamit mo para magkasahod. Isama din ang iyong mas gustong wika sa pakikipag-ugnayan sa EDD sa iyong aplikasyon at sa iyong liham. Ang template ng sulat na magsasabi sa EDD ng SSN na ginamit mo upang kumita ng sahod ay handang magamit sa dulo ng gabay na ito.
- Maglakip ng patunay ng iyong mga sahod tulad ng isang kopya ng iyong kasalukuyan at bago ang W-2 na taon at/o mga pay stub sa loob ng isang partikular na 12-buwan na panahon. Maaari mong matukoy ang iyong 12 buwan na tagal sa pamamagitan ng pagpasok ng iyong hiniling na petsa ng pagsisimula ng paghahabol sa Pangkalkula ng Seguro sa Kapansanan at May Bayad na Bakasyon para sa Pamilya edd.ca.gov/Disability/PFL_Calculator.htm.
- Kung binayaran ka ng cash, ipahayag ito sa iyong sulat, at ipaliwanag kung magkano at kung gaano ka kadalas nabayaran. Kakailanganin mong magsumite ng detalyadong patunay ng cash na mga pagbayad (hal, mga pahayag ng cash na deposito, Venmo, PayPal, mga resibo, atbp.). Mangyaring tandaan, kung hindi maberipika ng EDD ang iyong mga sahod, maaaring tanggihan ka para sa mga benepisyo.

2

PANGALAWANG HAKBANG *ipinagpatuloy*

- **Ano ang gagawin ko kapag tinanong ako tungkol sa ibang mga SSN na maaaring ginamit ko?**
 - Sa aplikasyong ng DI, tinatanong ng tanong na A5 kung ano ang iba pang mga SSN na ginamit mo. Maaari mong ilista ang SSN na nagamit mo para magkasahod bilang tugon sa tanong na A5 (dahil hindi ka pumipirma sa ilalim ng parusa ng perjury na SSN mo ito, na ginamit mo lamang ang SSN na ito), ngunit dapat ka pa ring maglakip ng sulat at patunay ng mga sahod. Maaari mo ring iwanang blangko ang tanong na A5. Ang aplikasyon sa PFL ay hindi itatanong ito.
- **Ano ang gagawin ko kapag tinanong ako kung nagtrabaho ba ako sa ilalim ng ibang pangalan?**
 - Itatanong ng Tanong A9 sa aplikasyon sa DI at A7 sa aplikasyon sa PFL kung nagtrabaho ka ba sa ilalim ng ibang pangalan.
 - Maaari kang magbigay ng ibang mga pangalan bilang tugon sa katanungang ito.
- **May iba pa bang kailangang sumagot at lumagda sa form ng paghahabol?**
 - Para sa mga paghahabol sa pangangalaga ng PFL, ang taong pinagkakalooban mo ng pangangalaga ay kailangan ding sumagot at pumirma sa kanilang bahagi sa form ng paghahabol.
 - Para sa mga paghahabol ng DI at mga paghahabol sa pangangalaga ng PFL, kakailanganin din ng isang doktor na punan ang kanilang bahagi sa form.
- **Kumpletuhin ang natitirang bahagi ng aplikasyon, at lagdaan at ipadala ito pabalik sa EDD gamit ang ibinigay na sobre kasama ng papel na aplikasyon.**
- **Kung magagawa mo, gumawa ng kopya ng aplikasyon bago mo ipadala ang orihinal o kunan ng larawan ang aplikasyon gamit ang iyong telepono.**

3



Magbigay ng Karagdagang Impormasyon sa EDD -->

Tandaan na magpadala ng mga kopya ng iyong mga dokumento at hindi ang orihinal na dokumento. Ang EDD ay hindi magsasauli ng mga dokumento na iyong ipinadala sa kanila. Magtago ng kopya ng lahat ng iyong ipinadala sa EDD; maaari mong kunan ng litrato ang mga dokumentong iyong ipinadala.

IKATLONG HAKBANG

- **Makikipag-ugnayan ba sa akin ang EDD pagkatapos kong isumite ang aking aplikasyon?**

- Maaaring makipag-ugnayan sa iyo ang EDD upang humingi ng karagdagang impormasyon. Dapat mong asahan ang isang tawag sa telepono. Ang mga tawag sa telepono mula sa EDD ay maaaring makita sa iyong caller ID bilang "St ng CA EDD", o bilang isang pribadong numero.

- Dapat mong sagutin ang tawag o tawagan mo sila ulit sa lalong madaling panahon, pero hindi lalampas sa 2 araw.

- **Ano ang aking sasabihin kapag tumawag ang EDD?**

Kung mayroon kang payslip at/o W-2s:

- Sabihin mo sa kinatawan ng EDD ang mas gusto mong wika para sa pagtawag.
- Maghandang sabihin ang iyong buong pangalan, araw ng kapanganakan, at (mga) numero ng iyong Social Security kung saan ka nagtatrabaho. Kung mayroon kang EDD Client Number (ECN) ipaalam mo sa kanila ang numero. Ipaalam mo na naisumite mo na kasama ang iyong aplikasyon ang katunayan ng sahod sa panahon ng iyong pagtatrabaho, o kung hindi mo pa naisumite ang katunayan ng iyong sahod, ihanda ang mga ito.

3

Nagpatuloy sa susunod na pahina.

Kung ikaw ay binayaran ng cash:

- Sabihin mo sa kinatawan ng EDD ang mas gusto mong wika para sa pagtawag.
- Maghandang sabihin ang iyong buong pangalan, araw ng kapanganakan, at (mga) numero ng iyong Social Security kung saan ka nagtatrabaho. Kung mayroon kang EDD Client Number (ECN) ipaalarm mo sa kanila ang numero. Ibigay mo ang pangalan ng iyong employer at ang lugar kung saan ka nagtatrabaho. Ipaalam mo na binayaran ka ng cash ng iyong employer at magbigay ng kahit na anong mayroon kang impormasyon para makontak ang iyong employer. Ipaalam mo kung gaano ka kadalas bayaran ng iyong employer (hal., kada linggo, kada dalawang linggo). Ipaalam mo na naisumite mo na kasama ang iyong aplikasyon ang katunayan ng sahod sa panahon ng iyong pagtatrabaho, o hindi mo pa naisumite ang katunayan ng iyong sahod, ihanda ang mga ito. Maaaring kasama dito ang mga pahayag ng mga cash na deposito, Venmo, PayPal, mga resibo at iba pa.

• Makakatanggap ba ako ng anumang iba pang mga abiso mula sa EDD?

- Maaari kang makatanggap ng Abiso ng Pagkalkula (DE 429D o DE 429DF) na nagsasaad na ang SSN na ginagamit mo sa trabaho ay ginamit na ng ibang tao. Tingnan ang sampol na DE 429D sa ibaba. Kung mangyari ito, magtatalaga ang EDD ng isang Numero ng Kliyente ng EDD (ECN) upang magamit mo pasulong.

• Ano ang gagawin ko kung makatanggap ako ng DE 429D o DE 429DF?

- Bagaman sinasabi ng abisong ito na maaari kang makakuha ng katibayan na pag-aari mo ang SSN mula sa Administrasyon ng Social Security, HINDI mo kailangang gawin ito. Kung tama ang iyong mga suweldo sa abiso, wala kang kailangang gawin.
- Kung mali ang iyong mga suweldo sa abiso, dapat kang tumugon sa abiso sa isang liham na naglilista ng iyong (mga) employer sa huling 18 buwan at kopya ng iyong W-2 at/o mga paystub na nagpapakita ng iyong mga suweldong kinita sa tagal ng panahon na nakalista sa abiso. Dapat kasama din sa liham na ito ang iyong ECN kung nagtatalaga sila nito sa iyo.

SEGURO NG KAPANSANAN
PO BOX 000000
AKING LUNGSOD CA 00000-0000



---ABISO NG PAGKALKULA---

Ang paunawang ito ay hindi nagtataguyod ng iyong karapatan sa mga benepisyo. Seguro sa Kapansanan ng Estado, Bayad na Bakasyon para sa Pamilya, o Ang mga benepisyo ng Boluntaryong Plano ay babayaran lamang sa iyo kapag ikaw ay nakatutugon sa lahat ng mga kundisyon ng pagiging karapat-dapat.

ANG LAHAT NG KABAYARAN SA BENEPISYO, KUNG NAAANGKOP, AY IBIBIGAY NANG HIWALAY.

PANGALAN G APELYIDO
1234 SAMPOL ST APT 4321
AKING LUNGSOD CA 99999-9999

Numero ng Account ng Kostumer sa EDD (EDDCAN)	ID SA PAGHAHABOL	Iyong Numero sa EDD bilang Kliyente (ECN)	CED
0000000000	DI-0000-000-000	999-99-9999	03-02-2021

ABISO NG PAGKALKULA

TAng numero ng Social Security (SSN) na ginamit mo noong naghahain ng iyong paghahabol para sa Seguro sa Kapansanan ng Estado, May Bayad na Bakasyon para sa Pamilya, o mga benepisyo ng Seguro sa Walang Trabaho ay dating ginamit ng ibang tao. Ang Kagawaran ng Pag-unlad ng Trabaho (EDD) ay nagtatalaga sa iyo ng isang numero ng kliyente ng EDD (ECN) na gagamitin para sa lahat ng aktibidad ng mga paghahabol hanggang malutas ang pagmamay-ari ng SSN. Upang malutas ang pagmamay-ari ng SSN, maaari kang makakuha ng pagberipika ng iyong SSN mula sa pinakamalapit na tanggapan ng Administrasyon ng Social Security. Kapag nakuha na ang pagberipika, mangyaring magpadala ng isang kopya sa tanggapan ng EDD kung saan mo inihain ang iyong paghahabol. Mangyaring panatilihin ang ECN na ito para sa iyong mga rekord na magagamit para sa lahat ng komunikasyon sa hinaharap sa EDD.

4



IKAAPAT NA HAKBANG

Tanggapin ang Iyong mga Benepisyo

- **Gaano katagal akong maghihintay bago matanggap ang aking mga benepisyo?**

- Dapat mong asahan na maghintay ng humigit-kumulang 2 linggo bago makatanggap ng bayad. Kung kailangang mapatunayan ang iyong sahod, maaaring tumagal ng karagdagang panahon ang pagtanggap ng bayad.

- Karaniwang may 7-araw na walang bayad na panahon ng paghihintay

bago magsimula ang mga benepisyo sa DI. Gayunpaman, simula sa Enero 24, 2020, hanggang sa saklaw na panahon ng emerhensiya, itinatatwa ng Ehekutibong Atas ng Gobernador ang panahon ng paghihintay para sa mga manggagawa na may medikal na sertipikadong diagnosis na nauugnay sa COVID-19.

- Walang panahon ng paghihintay para sa mga paghahabol ng May Bayad na Bakasyon para sa Pamilya, kaya magsisimula ang iyong mga benepisyo sa unang araw na wala kang trabaho para sa kwalipikadong dahilan.

- Kahit na huling dumating ang iyong mga benepisyo, babayaran ka pa rin para sa lahat ng kwalipikadong araw.

- **Paano ko matatanggap ang bayad?**

- Babayaran ka ng EDD alinman sa debit card o sa pamamagitan ng tseke. Kapag nag-aplay ka, tatanungin ng EDD kung aling pamamaraan ang mas gusto mo. Gayunpaman, kung naghain ka nang walang SSN at nagtalaga ng Numero ng Kliyente ng EDD, malilimitahan ka lamang sa bayad na



Siguraduhing Protektado ang Iyong Trabaho

- Tandaan, ang DI at PFL ay nagbibigay ng bayad ngunit hindi ka bibigyan ng karapatang kumuha ng bakasyon at bumalik sa iyong trabaho pagkatapos.
- Habang tumatanggap ka ng DI o PFL, ang iyong trabaho ay maaaring maprotektahan sa ilalim ng mga hiwalay na batas.
 - o Halimbawa, ang California Family Rights Act (CFRA) ay nagbibigay ng hanggang sa 12 linggo ng bakasyon na protektado ang trabaho, na may karapatang bumalik sa trabaho, kung nagtrabaho ka para sa iyong employer nang hindi bababa sa isang taon; nagtrabaho ka nang hindi bababa sa 1,250 na oras sa isang taon bago ka lumiban; at ang iyong employer ay may hindi bababa sa 5 empleyado.
 - o Kung hindi ka kwalipikado para sa CFRA ngunit nangangailangan ng bakasyon dahil sa sarili mong kalusugan, maaaring bigyan ka ng Batas sa Patas na Trabaho at Pabahay ng karapatang lumiban. Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan sa Kagawaran ng Patas na Trabaho at Pabahay sa dfeh.ca.gov.
- Dapat kang humiling sa iyong employer ng pagliban at sabihin sa kanila kung ilan ang kailangan mong iliban sa sandaling malaman mo ang iyong pangangailangang lumiban sa trabaho.
- Tulad ng DI at PFL, magagamit ang bakasyon na protektado ang trabaho anuman ang katayuan sa imigrasyon.
- Kahit na mawalan ka ng trabaho o hindi kwalipikado para sa proteksyon ng trabaho, maaari ka pa ring makatanggap ng mga benepisyo ng DI at PFL.

Template ng mga sulat para sa mga walang dokumentong manggagawa na nag-a-apply para sa DI at PFL

Kung wala kang dokumento at mayroon kang mga paystub at/o W-2s, gamitin ang template ng sulat na ito, isapersonal ito, at ilakip ito sa iyong DI o PFL na form ng pag-claim:

[Petsa]

Sangay ng Seguro sa Kapansanan Kagawaran ng Pag-unlad ng Trabaho Sa Sinumang Kinauukulan:

Ang pangalan ko ay **[buong pangalan]**. Ang petsa ng kapanganakan ko ay **[petsa]**. Ang numero ng social security o mga numero ng social security na ginagamit ko sa trabaho ay **[ssn]**. (Kung naaangkop: Ang aking Numero sa EDD bilang Kliyente ay **[numero]**.)

Inilakip ko ang sumusunod na patunay ng aking mga sahod sa aking base period: **[mga paystub, mga W-2]**.

Mangyaring abisuhan ako kung kailangan ninyo ng anumang karagdagang impormasyon. Maaari ninyo akong tawagan sa **[numero ng telepono]**. Nais kong makipag-ugnayan sa akin ang EDD sa **[mas gusto kong wika]**.

Salamat.

[buong pangalan]
[lagda]

Kung wala kang dokumento at binayaran ka ng cash, gamitin ang template ng sulat na ito, isapersonal ito, at ilakip ito sa iyong DI o PFL na form ng pag-claim:

[Petsa]

Sangay ng Seguro sa Kapansanan Kagawaran ng Pag-unlad ng Trabaho

Sa Sinumang Kinauukulan:

Ang pangalan ko ay **[buong pangalan]**. Ang petsa ng kapanganakan ko ay **[petsa]**. Ang numero ng social security o mga numero ng social security na ginagamit ko sa trabaho ay **[ssn]**. (Kung naaangkop: Ang aking Numero sa EDD bilang Kliyente ay **[numero]**.)

Binayaran ako ng aking employer ng cash.

Nagtrabaho ako bilang isang **[trabaho]** para kay **[pangalan ng employer]** mula **[petsa]** hanggang **[petsa/kasalukuyan]**. Ang address ng aking employer ay **[address]**. Ang numero ng telepono ng aking employer ay **[numero]**. Ang email address ng aking employer ay **[email]**.

[Idagdag ang impormasyon sa itaas para sa lahat ng ibang trabaho/employer sa nakaraang 18 buwan.]

Binayaran ako ng aking employer ng **[halaga]** bawat **[dalas (hal. linggo, dalawang linggo)]**. Inilakip ko ang sumusunod na patunay ng aking mga sahod sa base period: **[mga pahayag ng cash na deposito, Venmo, PayPal, mga resibo, atbp]**.

Mangyaring abisuhan ako kung kailangan ninyo ng anumang karagdagang impormasyon. Maaari ninyo akong tawagan sa **[numero ng telepono]**. Nais kong makipag-ugnayan sa akin ang EDD sa **[mas gusto kong wika]**.

Salamat.

[buong pangalan]
[lagda]

Nilikha gamit ang pagpopondo mula sa California Labor and Workforce Development Agency. Para sa mga katanungan, makipag-ugnayan sa Legal Aid sa Work and Family Helpline ng Trabaho sa (800) 880-8047.

**LEGAL
AID AT
WORK**

www.legalaidatwork.org